# Graduate Tracer Study (GTS) ng mga Nagsipagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2019-2023)


**Federico Rivera Jr.**[1]
**Alyssa M. Teodoro**[2]
**Sheila Mae C. Intoy**[3]
**Roan Jessa A. Dino**[4]
fbriverajr@pup.edu.ph[1], amteodoro@pup.edu.ph[2], smcintoy@pup.edu.ph[3], rjadino@pup.edu.ph[4]
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas



## Abstrak

Tinutunton ng pag-aaral na ito ang kasalukuyang tinatahak na karera, institusyon at sektor, at mga natatanging karanasan ng mga nagsipagtapos ng AB Filipinolohiya mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa Manila. Hinggil dito, sinusuri ng pananaliksik ang kahusayan ng nasabing pang-akademikong programa sa usapin ng naturang kurikulum, karanasang pampagkatuto, mga dulog, at ang kakayahang umangkop ng mga ito sa mga pangangailangan ng industriya at sektor. Ang deskriptibong pag-aaral na ito ay gumamit ng purposive sampling technique upang makalap ang mga datos at resulta mula sa mga isinigawang sarbey. Napatunayan ng pag-aaral na kalakhan ng mga alumni ng AB Filipinolohiya ay kasalukuyang may trabaho at karamihan ay nagtatrabaho sa loob ng akademya; sinusundan ito ng mga nagtatrabaho sa iba't ibang institusyong pangwika, kultura at sining; industriya ng business processing outsource; at panghuli, sa sektor ng social work. Sa paglalagom, ang programang AB Filipinolohiya ay nagtagumpay sa pagbibigay ng edukasyong dekalidad para sa kanilang mga estudyante. Hinihikayat ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy sa nasimulang pagtataya at pagpapaunlad sa kasalukuyang kurikulum upang makaangkop ito at patuloy na makaagapay sa pangangailangan ng mga industriya at sektor.



Susing-salita: *graduate tracer study*, Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya, industriya, akademya, *alumni*



## Abstract

This research initiative aims to track the current career path, institution and sector, and experiences of the AB Filipinology graduates after graduating from the Polytechnic University of the Philippines Sta.Mesa Manila. Respectively, this study assesses




© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

the effectiveness of the said educational program in terms of its curriculum, experiential learnings and strategy, and its operational flexibility to the industry and sectors. This descriptive study used a purposive sampling technique to obtain data and results from surveys. The results confirmed that most of the alumni of AB Filipinology are employed and mostly working in the academe; followed by different institutions for language, culture, and arts; business processing outsource industry; and lastly social work sector. The study concludes that the program victoriously succeeded to provide quality education. The researchers recommend continuing the assessment and development of the current curriculum to adapt and provide the new needs of the industry.

Keywords: graduate tracer study, Bachelor of Arts in Filipino, industry, academe, alumni

## INTRODUKSIYON

Ang Programang Batsilyer ng Artes sa Filipino (ABF) ay itinatag noong 1987 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at opisyal na inaprubahan noong Pebrero 14, 1987, na may dalawang pangunahing larangan: Komunikasyong Pangmadla at Pagtuturo. Taong 1986, bilang bahagi ng *feasibility study* ng departamento, isinagawa ang pre-trial ng programa kahit hindi pa ito lubos na aprobado ng Board of Regents (BOR), ngunit may pahintulot na mula sa Executive Committee (ExeCom) ng unibersidad, kaya't inialok na ito sa mga mag-aaral. Noong 1996, nagkaroon ng rebisyon sa kurikulum na nagdulot ng pagbabago sa pangalan ng isang larangan. Ang Komunikasyong Pangmadla (Mass Communication) ay naglalaman ng mga kursong tulad ng Introduction to Mass Communication, Communication Theories, Principles of Public Information, at Photojournalism na nakatuon sa pagpapalalim ng kaalaman sa larangan ng komunikasyon. Samantala, ang larangan ng Pagtuturo (Teaching) ay naging Sining ng Instruksyon na nag-aalok ng mga kursong tulad ng Foundations of Education, Principles of Teaching, at Educational Technology na may layuning paghusayin at ihanda ang mga mag-aaral para sa pagtuturo.

Noong taong 2001, ang programa ay nagkamit ang Level 1 na akreditasyon at noong taong 2004, nakapasa ito sa Level 2 reakreditasyon. Pagsapit ng 2006, naabot na nito ang Level 3 Phase 1 accreditation. Noong 2010, ang programa ay pumasa sa Level 3 Phase 2 at nagpatuloy hanggang sa Level 3 reaccreditation. Sa 2014, nakamit nito ang Level 4 Phase 1 accreditation at muling na-reaccredit noong 2018 matapos ang pagbisita para sa Level 4 Phase 1. Sa 2019, nakapasa rin ito sa Level 4 Phase 2 kaya't ang AB Filipinolohiya ay na-reaccredit sa Level 4 mula Enero 1, 2020 hanggang Disyembre 31, 2024. Ang

tuloy-tuloy na pag-unlad na ito ang nagbunsod upang gawaran ang programa ng Center of Development (COD) ng Commission on Higher Education (CHED) noong 2013. Samantala, taong 2002, ang programa ay ganap na pinangalanang Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya (ABFilipinolohiya), na tumutukoy sa disiplina ng karunungang nakabatay sa maka-agham na pag-aaral ng pinagmulan, kalikasan, at ugnayan ng wika, panitikan, kultura, lipunan, kasaysayan, komunikasyon, at iba pang batis ng kaalamang Pilipino. Kasama rin dito ang paglinang ng mga karunungang Pilipino na naiambag sa mundo ng kaalaman (ayon sa tesis ni MV Apigo-2001 batay sa panayam kay Prop. Gandhi G. Cardenas). At noong 2006, ang programa ay ganap na nagtuon sa mga pangangailangan ng sistemang pang-edukasyon sa tatlong aspeto: (1) pagpapataas ng pagkilala at pagpapahalaga sa pagka-Pilipino, (2) pakikisangkot sa pagtatatag ng isang makabansa, maunlad, makatao, at makadiyos na lipunan sa panahon ng cyberspace, at (3) pagkakamit ng kaalaman sa dalawang wika—Filipino at Ingles.

Ang programa ay nakatuon sa pagpapalalim ng kaalaman sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino, pati na rin sa pag-uugnay nito sa iba't ibang larangan ng kaalamang Pilipino tulad ng panitikan, kultura, kasaysayan, antropolohiya, agham, sikolohiya, pilosopiya, at iba pang disiplina. Ang ganitong oryentasyon ay naglalarawan ng interdisiplinaryong paraan ng pag-aaral (ayon sa artikulong isinulat ni Prop. Cardenas sa Dalubwika o *The Linguist*, opisyal na pahayagan ng KWL, pahina 5, 2001). Ang programa ay umunlad nang husto sa ilalim ng pamumuno ng mga naging tagapangulo, mula kay Prop. Teresita Sayo (1986-Mayo1989 ), Prop. William Cabaysa (Hunyo 1989 - Mayo 1994), Prop. Rosario Mag-atas (Hunyo 1994 - Mayo 1998), Dr. Corazon San Juan (Hunyo 1998 - Mayo 2001), Prop. Gandhi Cardenas (Hunyo 2001 - Hulyo 2002), Prop. Jesusa Asinas (Agosto 2002 - Mayo 2004), Prop. Isabela Mangonon (Hunyo 2004 - Mayo 2006), Prop. Perla Carpio (Hunyo 2006 - Agosto 2010), Prop. Mary Joy Castillo (Agosto 2010 - Abril 2013), at Prop. Marvin Lai (Mayo 2013 - kasalukuyan).

Patuloy na sinusunod ng programang ito ang mga kahingian ng CHED, lalo na sa pagbabalangkas ng kurikulum nito. Mula sa orihinal na 131 yunit na itinatakda ng CHED, pinalawak ito sa kasalukuyang 161 yunit sa ilalim ng programa, na kinabibilangan ng mga asignaturang tulad ng Metodo at Pananaliksik sa Wikang Filipino, Pagsasaling Wika, Malikhaing Pagsulat, at iba pa. Ang pagbuo ng kurikulum ay isinasaalang-alang din ang mga naging resulta mula sa pakikipanayam sa mga propesyonal na organisasyon tulad ng SangFil, PandayLiPi, UMPil, at iba pa upang masigurong napapanahon at akma ang mga nilalaman ng kurikulum. Ang pinakabagong rebisyon para sa pagpapaunlad ng program ay naganap noong Mayo 30, 2022 sa ika-6 na pagpupulong ng University Curriculum Evaluation Committee sa pangunguna ng opisina ng Quality Assurance


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Center (QAC) na nakabatay sa CMO No. 22 s. 2017. Sa rebisyong ito, malaki ang ginampanan ng mga naitalagang kasapi ng Government-Industry- Academe Board (GIAB) sa pagpapaunlad ng kurikulum ng ABF.

Sa kasalukuyan, ang Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya ay apat na taong programang akademiko na lumilinang sa kaalaman, kasanayan at kamalayan ng mga mag-aaral na nakatuon sa pagpapalalim sa mga paksang pangwika, pampanitikan at pangkultura na nakamuhon sa prinsipyo/teoryang Filipinolohiya at nakalapat sa kalagayan at pangangailangan ng komunidad, bansa at daigdig sa panahon ng e-education at cyber culture. Gamit ang wikang Filipino katuwang ang iba pang mga wika sa Pilipinas, papaunlarin ang mga mag-aaral sa inter, multi at transdisiplinaryong pag-aaral at/o pananaliksik tungo sa intelektwalisayon ng wikang Pambansa. Sinasaklaw ng programa ang wika, komunikasyon, panitikan at kultura o pambansang kabihasnan sa pangkalahatan. Pinapanday nito ang mga potensyal at talino ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga karunungang makakamit sa FIlipinologhiya. Nakatuon sa pagiging malikhain (creativity) at sikhayan (scholarly works) ang lalim at lawak sa pagpapakadalubhasa sa Filipinolohiya na napakahalaga sa propesyon. Inaasahan ang mga mag-aaral ay magiging dalubhasa sa pagtatamo ng mga kagalingan/kahusayan sa larangan ng komunikasyon, wika at panitikan; matututong magsalin sa wikang Filipino ng mga kagamitan sa pag-aaral at pagtuturo mula sa ibang wika. Mapaghuhusay ang komunikasyong pasulat at pasalita para sa pangangailangan ng mga paaralang bayan, pamantasan, industriya at institusyon, at mahahasa ang gawaing pananaliksik upang makapagbahagi ng kaalaman at karunungan. Binibigyang-diin ng pinaunlad na programa ang kasalukuyang tunguhin ng Elektronikong Edukasyon (e-Education) o Cyber Culture sa daigdig na kaugnay ng kagalingang pambayan at kapakanang pambansa, gayundin ang makaagham na pag-aaral ng wika, komunikasyon, panitikan, kultura o pambansang kabihasnan.

Isinasagawa ang isang graduate tracer survey (GTS) upang makakalap ng datos mula sa karanasan ng nagtapos sa kolehiyo nang maunawaan kung paanong ang mga kasanayang natutunan at kalidad ng pagtuturo ay nauugnay sa naging trabaho ng mga nagsipagtapos. Maaaring ipaliwanag ng isang GTS ang kaugnayan sa pagitan ng karanasan sa kolehiyo at mga resulta sa merkado ng paggawa, na maaaring makatulong sa pagbalangkas ng mga aksyon para sa sektor ng mas mataas na edukasyon. Maaari rin itong gamitin upang siyasatin ang impluwensya ng karanasan sa kolehiyo sa sosyopolitikal na partisipasyon at kasiyahan sa buhay (Tutor et. al, 2019).

Sa Pilipinas, inaatasan ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education) ang mga Institusyong Pangmataas na

Edukasyon (Higher Education Institutions) na isagawa ang mga *tracer studies* bilang bahagi ng pagtukoy sa mga sentro ng kahusayan at kaunlaran ng mga degree programs. Gayundin, ang profayl ng mga nagtapos ay isa rin sa mga kinakailangang dokumento ng ahensya ng akreditasyon sa mas mataas na edukasyon, tulad ng Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACCUP), Inc. Ang mga impormasyong makukuha mula sa *tracer study* ay maaaring muling suriin upang malaman ang mga salik na nakakaapekto at tumutulong sa kalagayan ng empleyo ng mga nagtapos. Ayon sa mga kasalukuyang pag-aaral, ang karamihan sa mga nagtapos ay nagkaroon ng trabaho sa lokal na pamahalaan. Batay sa Philippine Graduate Tracer Survey, ang pagsasagawa ng GTS ang nagpasimula ng ilang mga pagpapahusay sa disenyo ng pag-aaral at mga kaayusang pang-administratibo na naglalayong palakasin ang ang mga programang pang edukasyon ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education).

Bilang pagkilala sa kahalagahan nito, maaaring gamitin ng mga institusyong pang-mataas na edukasyon (HEIs) ang GTS, sa pagkalap ng *feedback* mula sa mga nagsipagtapos sa mga HEI sa loob ng dalawa hanggang tatlong taon, na itinuturing din na *stakeholders* na ng HEI (Lesmini & Hassan, 2021). Naitatampok din sa pamamagitan ng *tracer study* ang mga hindi pagtutugma sa natamong edukasyon at kasanayan bilang seryosong isyu lalo na sa usapin ng pagtataguyod ng mga programang umaakma sa pangangailan ng mga industriya (Badillo-Amador & Vila, 2013).

Isinasaad sa Misyon ng PUP ang pagtitiyak na nakapaghahain ang Sintang Paaralan ng dekalidad na edukasyon para sa lahat at magsulong ng panghabang-buhay na pagkatuto, ito'y nakabatay sa isa sa layunin ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) na "Ensure inclusive and equitable quality education and promote lifelong learning opportunities for all". Isa sa paraan ng PUP upang maisakatuparan ang layunin nito ay ang "paghain ng akademikong programa na tumutugon sa pangangailangan ng industriya na magluluwal ng mga propesyunal na may kahusayan sa pamamahala at kasanayang teknikal gayundin may matatag na kamalayang mapaglingkod para sa pagbuo ng bansa". Dito makikita pang lalo ang kahalagahan ng GTS upang maging basehan ang kalagayan at kinahinatnan ng mga nagsipagtapos sa kanilang pinagtatrabahuhang institusyon/industriya; ang kaugnayan ng lebel ng kanilang kakayang pang-propesyonal, teknikal at kahusayan sa pamaahala sa kani-kanilang kasaluyang hanapbuhay, upang maging batayan upang suriin ang antas ng  pagpapasakatuparan ng mga layunin, at makita pa ang aspektong dapat paigihin ng bawat programa sa isang pamantasan.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilarawan at suriin ang iba't ibang aspekto ng mga nagtapos ng AB Filipinolohiya mula 2019 hanggang 2023. Sinusuri nito ang mga demograpikong katangian ng mga nagsipagtapos tulad ng kanilang kalagayang sibil, pinagmulang probinsya, taon ng pagtatapos, at antas ng edukasyon at pag-unlad. Siniyasat maging ang kaligirang pang-edukasyon na naglalarawan sa datos na tumutukoy sa pagkuha ng digri sa kolehiyo at mga kaugnay na kadahilanan sa pagpili ng programa, pagkuha ng treyning at panggradwadong programa, *employment profile* at mga katangian ng mga nagsipagtapos kasama rito ang *employment rate*, *employment status*, panahon ng paghahanap ng unang trabaho pagkatapos ng kolehiyo, at kaugnayan ng kanilang natapos na kurso sa kasalukuyang trabaho. Ang layunin ng pagsusuri sa mga aspektong ito ay upang makita kung paano nakaapekto ang kanilang natapos na kurso sa kanilang kasalukuyang estado sa trabaho. Tinitignan rin ng pag-aaral ang tugon ng mga kalahok sa kalidad ng edukasyong natamo muna sa natapos na programa sa pamamagitan ng pagbibigay halga sa kaugnayan ng kurikulum sa naging trabaho at ang mga kasanayan at kakayahang nakuha mula sa programa na nagamit sa pagtatrabaho. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, malalaman kung ang mga kasanayang itinuro sa kanila ay may praktikal na aplikasyon sa kanilang propesyonal na buhay.

## METODOLOHIYA

Ginamit ng mananaliksik ang talatanungan o graduate tracer survey questionnaire mula sa *Commission on Higher Education* (CHED) na minodipika upang umangkop sa layunin ng pag-aaral ar isinalin ito sa wikang Filipino. Ang talatanungan ay pinasagutan sa mga kalahok sarbey sa pamamagitan ng Google Forms. Sa pangangalap ng datos, ginawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang. Una, kinuha ang talaan ng mga pangalan ng mga estudyanteng nagtapos ng digri na Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya mula 2019 hanggang 2023. Ang talaan ay galing sa Office of the Registrar, Student Records Services, partikular sa Data Management, Authentication and Printing Section ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Mabini Campus. Ikalawa, gamit ang *social media* na *Facebook* at pagpapadala ng elektronikong sulat (e-mail) sa pagbabahagi at pagpapasagot ng talatanungan. Ang pag-aaral na ito ay dumaan sa proseso ng ethical clearance ng nasabing institusyon, nakapaloob dito ang proseso ng pagkuha ng datos at nais lamang tugunan ang suliranin na nakasaad sa isinasagawang pag-aaral. Alinsunod sa *Data Privacy Act of 2012 (Republic Act 10173)* kasama sa ipinadalang mensahe ang paghingi ng permiso sa mga

alumni na lalahok sa nasabing Graduate Tracer Study (GTS) ang paggamit ng kanilang mga impormasyon para sa nasabing pag-aaral. Malinaw na ibahagi sa kanila ang saklaw at limitasyon ng nasabing pag-aaral at inaasahan na ang lahat ng datos ay sisinupin nang maayos at mananatiling kompidensiyal lamang sa mga mananaliksik.

## RESULTA AT DISKUSYON

Tinalakay sa pamamaraang tabyular, tekstuwal at kontekstuwal ang mga nakalap at sinuring datos sa pananaliksik.

### Pangkalahatang impormasyon sa mga nagsipagtapos ng programang AB Filipinolohiya 2019-2023

**Talahanayan 1**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilangl kalagayang sibil

| Kalagayang Sibil | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Single o Walang asawa | 269 | 93.40 |
| May asawa | 16 | 5.56 |
| Hiwalay | 0 | 0.00 |
| Single Parent | 3 | 1.04 |
| Biyuda/do | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa kanilang mga kalagayang sibil. Batay sa datos, pinakamarami ang single o walang asawa na may 269 (93.40%), samantalang 16 (5.56%) ang bilang ng mayroon nang asawa, habang may 3 (1.04%) na tumugong sila ay single parent. Walang kalahok na tumugon sa kalagayang hiwalay at biyuda/do.

**Talahanayan 2**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilang kasarian

| Kasarian | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Babae | 191 | 66.32 |
| Lalaki | 97 | 33. 68 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Makikita sa Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga kalahok bata sa kanilang kasarian. Makikita na mas marami ang kababaihan na may 191 (66.32%) kaysa sa mga kalalakihan na may 97 (33. 68%) ng kabuuang bilang.

**Talahanayan 3**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilangl rehiyon na pinanggalingan

| Rehiyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Rehiyon III (Gitnang Luzon) | 25 | 8. 68 |
| Rehiyon IV-A (Calabarzon) | 90 | 31.25 |
| Rehiyon V (Bicol) | 6 | 2.08 |
| Rehiyon VI (Kanlurang Visayas) | 6 | 2.08 |
| National Capital Region | 161 | 55.90 |
| Iba pang rehiyon | 0 | 0.0 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Sa Talahanayan 3, makikita ang distribusyon ng mga kalahok batay sa rehiyon na kanilang pinanggalingan. Nakahihigit ang bilang ng mga kalahok na nanggaling sa National Capital Region sa bilang na 161 (55.90%); sinundan ng Rehiyon IV-A Calabarzon na may 90 (31.25 %); Rehiyon III Gitnang Luzon na may 25 (8. 68%) habang parehong may tig-6 (2.08 ) ang tumugon na nanggaling mula sa mga kalahok sa Rehiyong V – Bikol at Rehiyong VI-Kanlurang Visayas.

**Talahanayan 4**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilang probinsya

| Probinsya | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| ***(1) Gitnang Luzon*** | | |
| Bulacan | 22 | 88 |
| Zambales | 2 | 8.0 |
| Aurora | 1 | 4.0 |
| **Kabuuan (1)** | **25** | **100** |
| ***(2) Calabarzon*** | | |
| Rizal | 36 | 40.0 |
| Laguna | 28 | 31.11 |
| Cavite | 18 | 20.0 |
| Quezon | 6 | 6.67 |
| Batangas | 2 | 2.22 |
| **Kabuuan (2)** | **90** | **100** |

| Probinsya | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| **(3) Bicol** | | |
| Camarines Sur | 2 | 33.32 |
| Albay | 1 | 16.67 |
| Camarines Norte | 1 | 16.67 |
| Sorsogon | 1 | 16.67 |
| Catanduanes | 1 | 16.67 |
| **Kabuuan (3)** | **6** | **100** |
| ***(4) Kanlurang Visayas*** | | |
| Negros Occidental | 2 | 33.33 |
| Aklan | 2 | 33.33 |
| Oriental Mindoro | 1 | 16.67 |
| Romblon | 1 | 16.67 |
| **Kabuuan (4)** | **6** | **100** |
| ***(5) National Capital Region*** | | |
| Manila | 28 | 21.62 |
| Quezon | 39 | 27.57 |
| Taguig | 10 | 5.41 |
| Marikina | 14 | 7.57 |
| Paranaque | 5 | 2.70 |
| Caloocan | 9 | 4.86 |
| Makati | 6 | 3.24 |
| Malabon | 5 | 2.70 |
| Valenzuela | 3 | 1.62 |
| San Juan | 7 | 3.78 |
| Pasig | 23 | 12.43 |
| Mandaluyong | 12 | 6.49 |
| **Kabuuan (5)** | **161** | **100** |
| **Kabuuan (1,2,3,4, at 5)** | **288** | **-** |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa kanilang probinsya. Makikitang sari-sari ang mga probinsyang pinanggalingan ng mga nagsipagtapos ng AB Filipinolohiya 2019-2023. Sa kabuuang 25 na kalahok ng Gitnang Luzon (1), pinakamarami ang nasa Bulacan na may bilang na 22 (88%); sinusundan ng Zambales na may 2 (8.0%) at Aurora na 1 (4.0). Sa rehiyon ng Calabarzon (2), may kabuuang kalahok sa bilang na 90. Nangunguna ang Rizal na may 36 (40.0); na sinundan ng Laguna na may 28 (31.11); Cavite na may 18 (20.0), Quezon na may 6 (6.67%) at Batangas na may 2 (2.22%).


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Sa Kabuuan ng 6 na kalahok na tumugong sila ay nanggaling sa Rehiyong Kabikulan (3); batay sa datos 2 (33.32%) ang taga-Camarines Sur habang may tag-1 (16.67%) ang nanggaling sa Albay, Camarines Norte, Sorsogon at Catanduanes.

Makikita sa datos ng Rehiyong Kanlurang Visayas (4) na may kabuuang 6 na kalahok na nanggaling sa mga sumusunod na probinsya—Negros Occidental na may 2 (33.33%) at Aklan na may 2 (33.33%) habang may tig-1 (16.67%) sa Oriental Mindoro at Romblon.

Ipinapakita sa datos na Metro Manila ang may pinakamaraming bilang ng kalahok sa buong talahanayan. Batay sa kabuuang bilang ng kalahok na 161, ang mga sumusunod na siyudad na kinalakhan ng mga nagsipagtapos ay—Quezon, 39 (27.57%); Manila, 28 (21.62%); Pasig, (12.43%); Marikina, 14 (7.57); Mandaluyong, 12 (6.49%); Taguig, 10 (5.41); Caloocan, 9 (4.86%); San Juan, 7 (3.78%); Makati, 6 (4.86%); Malabon, 5 (2.70%); Paranaque, 5 (2.70%) at Valenzuela, 3 (1.62%).

**Talahanayan 6**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa lokasyon ng tahanan

| Lokasyon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Lungsod | 232 | 80.55 |
| Munisipalidad o Bayan | 56 | 19.44 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa lokasyon ng kanilang tahanan. Batay sa datos, 232 (80.55%) ang mula sa lungsod habang 56 (19.44%) ang mula sa Munisipalidad o Kabayanan.

## Kaligirang edukasyon ng mga nagsipagtapos ng programang AB Filipinolohiya 2019-2023

**Talahanayan 7**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa panahon ng kanilang pagtatapos sa ABF

| Panahon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| 2019 | 53 | 18.41 |
| 2020 | 33 | 11.45 |
| 2021 | 29 | 10.07 |
| 2022 | 75 | 26.04 |
| 2023 | 98 | 34.03 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Ipinapakita ng Talahanayan 7 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa panahon ng kanilang pagtatapos sa ABF. Kinabibilangan ito ng 53 (18.41%) na mga kalahok na nagtapos noong taong 2019; 33 (11.45%), sa taong 2020; 29 (10.07%) sa taong 2021; 75 (26.04%) sa taong 2022; at 98 (34.03%) sa taong 2023.

**Talahanayan 8**

*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa bilang ng mga kumukuha ng Masteradong digri

| Panahon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| 2019 | 12 | 19.35 |
| 2020 | 16 | 25.81 |
| 2021 | 12 | 19.35 |
| 2022 | 13 | 20.97 |
| 2023 | 9 | 14.52 |
| **Kabuuan** | **62** | **-** |
| **Bahagdan sa Kabuuang Bilang ng mga Nagsipagtapos** | **-** | **19.87** |

Makikita sa Talahanayan 8 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa bilang ng mga kumukuha ng Masteradong digri. May kabuuang 62 na bilang ng mga nagsipagtapos ng ABF ang kumuha at nagpapatuloy sa kanilang pag-aaral sa antas gradwado. Sa taong 2019, 12 (19.35%); taong 2020, 16 (25.81%); taong 2021, 12 (19.35%); taong 2022, 13 (20.97) at sa taong 2023, 9 (14.52%). Mula sa 312 na kabuuang bilang ng mga ABF alumni, 62 (19.87) sa mga kalahok ang ipinagpapatuloy ang pag-aaral sa antas masterado.

**Talahanayan 9**

*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa bilang ng mga nagsipagtapos na may Latin Honor

| Panahon | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| 2019 | 27 | 12.00 |
| 2020 | 29 | 12.89 |
| 2021 | 21 | 9.33 |
| 2022 | 72 | 32.00 |
| 2023 | 76 | 33.78 |
| **Kabuuan** | **225** | **-** |

Makikita sa Talahanayan 9 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa bilang ng mga nagsipagtapos na may Latin Honor. May kabuuang 225 ang bilang


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

ng mga kalahok na tumugong sila ay nagawaran ng Latin Honor sa kanilang pagtatapos. Sa taong 2019, 27 (12%); taong 2020, 29 (12.89%); taong 2021, 21 (9.33%); taong 2022, 72 (32.00%) at sa taong 2023, 76 (33.78%).

**Talahanayan 10**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa bilang ng mga nagtamo ng Latin Honor

| Latin Honor | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Cum Laude | 128 | 56.89 |
| Magna Cum Laude | 76 | 33.78 |
| Summa Cum Laude | 21 | 9.33 |
| **Kabuuan** | **225** | **100** |

Makikita sa Talahanayan 10 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa bilang ng mga nagtamo ng Latin Honor. Sa kabuuang 225 kalahok na tumugon, 128 (56.895%) ang nakatanggap ng Cum Laude; 76 (33.78%) ang Magna Cum Laude at 21 (9.33%) ang nagawaran ng Summa Cum Laude.

**Talahanayan 11**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa bilang ng mga nakapasa sa mga pagsusulit pampropesyunal

| Pagsusulit Pampropesyunal | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Licensure Examination for Teachers | 31 | 70.45 |
| Civil Service Exam | 13 | 29.55 |
| **Kabuuan** | **44** | **-** |
| **Bahagdan sa Kabuuang Bilang ng mga Nagsipagtapos** | | **14.10** |

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa bilang ng mga nakapasa sa mga pagsusulit pampropesyunal. Batay sa datos, makikita na may 31 o (70.45%) ang nakapasa sa Licensure Examination for Teachers na isa sa mga job requirement upang makapagturo sa Senior High School. Lumalabas din sa datos na 13 (29.55%) ang mga graduates ang pumasa sa Civil Service Exam, ito ay kinakailangan upang makapagtrabaho sa mga ahensyang panggobyerno. Mula sa 312 na kabuuang bilang ng mga ABF alumni, 44 (14.10%) ang bilang ng mga graduates na pumasa sa mga pagsusulit pampropesyunal.

**Mga pagsasanay at/o patuloy na pag-aaral ng mga nagsipagtapos ng programang AB Filipinolohiya 2019-2023**

**Talahanayan 12**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok batay sa dahilan ng pagkuha sa kursong AB Filipinolohiya

| Mga Dahilan | Frequency (f) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Nakakuha ng mataas na marka sa mga asignatura may kaugnayan sa kurso | 98 | 31.41 | 9 |
| May mahusay na grado sa antas sekondarya | 184 | 58.97 | 7 |
| Impluwensya ng magulang o kamag-anak | 12 | 3.85 | 13 |
| Impluwensya ng mga kaibigan | 79 | 25.32 | 10 |
| Inspirasyon mula sa isang huwarang modelo | 178 | 57.05 | 8 |
| Lubos na pagkahilig sa propesyon | 297 | 95.19 | 4 |
| Pagkakataon para sa agarang trabaho | 303 | 97.12 | 1 |
| Estado at/o katanyagan ng propesyon | 276 | 88.46 | 6 |
| Ang inaalok ng kurso ay mayroon sa napiling institusyon | 299 | 95.83 | 3 |
| Pagkakataon sa pagpapaunlad ng karera sa buhay | 284 | 91.03 | 5 |
| Abot-kaya ang pagtustos sa pamilya | 196 | 62.82 | 6 |
| Pagkakataon para sa mataas na sahod | 300 | 96.15 | 2 |
| Opurtunidad para sa pagkakaroon ng trabaho sa ibang bansa | 29 | 9.29 | 11 |
| Hindi makapili o walang ideya | 14 | 4.49 | 12 |
| Iba pang tugon | 9 | 2.88 | 14 |
| **Kabuuan** | ***2558** | **-** | **-** |

**Marami ang tugon*

Tinatalakay sa Talahanayan 12 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa dahilan ng pagkuha ng AB Filipinolohiya. Batay sa datos, pinakamaraming naniwala na ang pagkuha ng programang ABF ay may makapagbibigay ng pagkakataon para sa agarang trabaho na may 303 (97.12%) ng kalahok. Nasa ikalawa ng kahon


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

ng mga dahilan ang paniniwalang may pagkakataon para sa mataas na sahod na sinasabi ng 300 (96.15%) na kalahok. Ikatlo ang nagtitiwalang ang inaalok ng kurso ay mayroon sa napiling institusyon na may 299 (95.83%) bilang ng mga kalahok. Nasa ikaapat ang mga naniniwalang sila ay may lubos na pagkahilig sa propesyon sa bilang na 297 (95.19%); Sa panlimang puwesto, naniniwala ang mga bilang na 284 (91.03%) kalahok na ang programa ay pagkakataong paunlarin ang kani-kanilang karera sa buhay. Pang-anim, naniniwala ang 276 (88.46%) na mga kalahok na makatutulong ang estado at/o katanyagan ng propesyon sa pagpili ng ABF. Sa Pampito, sa bilang na 184 (58.97%), ang kahusayan ng grado sa antas sekondarya ang naging dahilan ng mga ABF graduates sa pagpili ng kurso. Pangwalo, 178 (57.05%) ang tumugon na inspirasyon mula sa isang huwarang modelo ang naging dahilan sa pagpili ng kurso. Pangsiyam, 98 (31.41%) ang nagtala na nakakuha sila ng mataas na marka sa mga asignatura na may kaugnayan sa kurso. Pangsampu, 79 (25.32%) ang nagbanggit na pinili ang ABF dahil sa impluwensya ng mga kaibigan. Panglabing-isa, 29 (9.29%) ang nagsabing ABF ang magiging tulay ng opurtunidad para sa pagkakaroon ng trabaho sa ibang bansa. Labindalawa, 14 (4.49%) ang nagkaroon ng impresyon na hindi na sila makapili o walang ideya sa kursong tatahakin sa kolehiyo. Labintatlo, 12 (3.85%) ang tumugon na pinili ang ABF dahil sa impluwensya ng magulang o kamag-anak. Panghuli, 9 (2.88%) ang tumugon ng iba pa sa survey.

**Talahanayan 13**

*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa dahilan ng pagkuha sa kurso at pagpapatuloy ng pag-aaral:
Masteral/Doctorate Program

| Mga Dahilan | Frequency (f) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Nakakuha ng mataas na marka sa mga asignatura may kaugnayan sa kurso | 53 | 85.48 | 6 |
| May mahusay na grado sa antas sekondarya | 4 | 6.45 | 13 |
| Impluwensya ng magulang o kamag-anak | 12 | 19.35 | 11 |
| Impluwensya ng mga kaibigan | 18 | 29.03 | 10 |
| Inspirasyon mula sa isang huwarang modelo | 42 | 67.74 | 9 |
| Lubos na pagkahilig sa propesyon | 58 | 93.55 | 4.5 |
| Pagkakataon para sa agarang trabaho | 62 | 100 | 1.5 |

| Mga Dahilan | Frequency (f) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Estado at/o katanyagan ng propesyon | 58 | 93.55 | 4.5 |
| Ang inaalok ng kurso ay mayroon sa napiling institusyon | 48 | 77.42 | 8 |
| Pagkakataon sa pagpapaunlad ng karera sa buhay | 60 | 96.77 | 3 |
| Abot-kaya ang pagtustos sa pamilya | 49 | 79.03 | 7 |
| Pagkakataon para sa mataas na sahod | 62 | 100 | 1.5 |
| Opurtunidad para sa pagkakaroon ng trabaho sa ibang bansa | 3 | 4.84 | 14 |
| Hindi makapili o walang ideya | 2 | 3.23 | 15 |
| Iba pang tugon | 5 | 8.06 | 12 |
| **Kabuuan** | ***536** | **-** | **-** |

**Marami ang tugon*

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa dahilan ng pagkuha ng AB Filipinolohiya. Batay sa datos ng 62 na kalahok na kumuha ng Masteradong digri, sa parehong bilang na 62 (100%) pinakamaraming naniwala na ang pagkuha ng Masteradong digri matapos ang programang ABF ay (1) pagkakataon para sa agarang trabaho at (2) pagkakataon para sa mataas na sahod. Sa pangatlo, marami rin ang naniniwalang ang pagkakaroon ng Masteradong digri ay pagkakataon sa pagpapaunlad ng karera sa buhay na may 60 (96.77%) na kalahok. Sa parehong pang-apat na pwesto, 58 (93.55%) ang nagsasabing ang (1) lubos na pagkahilig sa propesyon at (2) estado at/o katanyagan ng propesyon ang parehong factor sa pagpili ng Masteradong digri pagkatapos ang programang ABF. Pang-anim, may 53 (85.48%) na kalahok ang naniniwalang ang pagkakaroon ng mataas na marka sa mga asignatura ng may kaugnayan sa kurso ay dahilan sa pagpapatuloy ng pag-aaral na may kinalaman sa AB Filipinolohiya. Pampito, sa datos ng mga kalahok na may bilang na 49 (79.03%) ang nagsasabing abot-kaya ang pagtustos sa pamilya sa pagpili ng mga masteradong digri. Pangwalo, sa bilang na 48 (77.42%) ang naniniwalang ang inaalok ng kurso ay mayroon sa napiling institusyon. Pangsiyam, sa bilang na 42 (67.74%) ang naniniwalang inspirasyon mula sa isang huwarang modelo ang pagpapapatuloy ng masteradong digri matapos ang kolehiyo. Pangsampu, sa bilang na 18 (29.03%) ang naniniwalang dahil sa impluwensya ng mga kaibigan ang pagkuha ng masteradong digri. Panglabing-isa sa bilang na 12 (19.35%) ang nagsasabing dahil sa impluwensya ng magulang o kamag-anak ang pagpapatuloy


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

ng pag-aaral sa antas gradwado. Panglabindalawa, sa bilang na 5 (8.05) ang iba pang mga tugon. Labintatlo, sa bilang na 4 (6.45%) ang naniniwalang sila ay may mahusay na grado sa antas sekondarya. Labing-apat, kinakitaan ng bilang ng mga kalahok na 3 (4.84%) na may opurtunidad para sa pagkakaroon ng trabaho sa ibang bansa. Panghuli, 5 (8.06%) ang may impresyon na sila ay hindi makapili o walang ideya sa pagpili ng masteradong digri.

**Talahanayan 14**
Mga pagsasanay at dagdag na pag-aaral ng mga nagsipagtapos sa programang AB Filipinolohiya 2019-2023

| Kalahok | Ngalan ng Pagsasanay at/o Dagdag na Pag-aaral | Tagal at Bilang ng Yunits na Nakuha | Institusyong naghain ng Pagsasanay/ Programa |
|---|---|---|---|
| Kalahok 2,4 & 8 | Master ng Artes sa Filipino | 1 semestre 6 na yunits | PUP-Graduate School |
| Kalahok 14, 74, 75 | Master ng Artes sa Filipino | 3 taon | PUP-Graduate School |
| Kalahok 56 | Master sa Araling Pilipino | 1 taon 9 na yunits | Unibersidad ng Pilipinas |
| Kalahok 16 | Master sa Araling Midya (Pelikula) | 1 taon / 6 na yunits | Unibersidad ng Pilipinas |
| Kalahok 34 | Master of Economics Major in Regional Development Studies | 2 taon at 32 na yunits | Kagoshima University- Japan |
| Kalahok 99 | Spanish Language (Basic) | 4 na araw | CEVAS- Makati City, Metro Manila |
| Kalahok 34 | Saliklinang para sa Proyektong Leksikograpiya | 3 na araw | Polytechnic University of the Philippines |
| Kalahok 312 | Digital Storytelling: A Powerful Tool for Teachers and Learners (V-Smart Courseware) | 1 araw | VIBAL Publishing House Inc. |
| | Pagbasa: Mga Teorya at Pag-aaral sa Paglinang ng Kasanayan sa mga Gurong Nagtuturo ng Panitikan | 1 araw | |

| Kalahok | Ngalan ng Pagsasanay at/o Dagdag na Pag-aaral | Tagal at Bilang ng Yunits na Nakuha | Institusyong naghain ng Pagsasanay/ Programa |
|---|---|---|---|
| Kalahok 13,23,27,30, 59,105, 189 | Post-Baccalaureate Diploma in Education (PBDE) | 1 taon at 36 na yunits | Polytechnic University of the Philippines |
| Kalahok 45,102,205,310 | Professional Education | 1 taon at 18 na yunits | Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology |
| Kalahok 56,90,106 | Certificate in Teaching Program | 1 taon at 18 na yunits | Philippine Normal Unversity |
| Kalahok 165 | Marinade's Band Workshop: Music Training | 7 araw | Tanay, Rizal |
| Kalahok 288 | NV Events Management Training | 5 araw | Technical Education and Skills Development Authority |
| Kalahok 1 | Principles of Graphic Design | 24 araw | University of the Philippines - Open University |
| Kalahok 299 | Literary Fellow sa Palihang LIRA | 7 buwan | Linangan sa Imahen,Retorika at Anyo |
| Kalahok 122 | 7th Angono National Writers Workshop (Tula) | 3 araw | Angono, Rizal |
| Marami pang tugon | - | - | - |

Ang mga ABF na nagsipagtapos mula 2019-2023 ay masigasig sa kanilang karera sa buhay. Makikita sa Talahanayan 14 ang mga naging tugon ng mga graduates na matapos ang kolehiyo ay nagpursige pang magsanay at dagdagan ang kanilang pag-aaral para sa pagpapaunlad ng kani-kaniyang propesyon. Prominente sa talahanayan ang mga datos ng patuloy na pagkuha ng masteradong digri tulad ng mga programang Master ng Artes sa Filipino sa PUP-Graduate School; Master sa Araling Pilipino at Master sa Araling Midya sa


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

UP-Diliman at Master of Economics Major in Regional Development Studies sa Kagoshima University sa Japan.

Sa larangan ng edukasyon, pinakamarami ang kumuha/kumukuha ng Professional Education sa mga institusyon ng Polytechnic University of the Philippines, Philippine Normal University at Eulogio “Amang” Rodriguez Institute of Science and Technology.

Sa larangan ng wika, may mga patuloy na nag-aaral ng leksikograpiya at mga dayuhang wika para sa opurtunidad ng pagtuturo ng Filipino sa mga dayuhan.

Sa larangan ng Panitikan, ang mga kalahok na nagtuturo ng panitikan; nagtatanghal sa mga teatro; mga kalahok na nasa larangan ng paglilimbag-aklat at mga nasa creative sector ay aktibo sa mga pagsasanay sa Digital Storytelling; Pagsasanay sa Musika; Paglinang ng Kasanayan sa mga Gurong Nagtuturo ng Panitikan; at mga Literary Fellowship at National Writing Workshop.

Makikitang may mga kalahok ding nagsasanay sa mga teknikalidad ng Graphics Design at Events Management.

**Datos sa trabaho ng mga nagsipagtapos ng programang AB Filipinolohiya 2019-2023**

**Talahanayan 15**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kasalukuyang estado ng trabaho

| Estado ng trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Kasalukuyang may trabaho | 288 | 100 |
| Kasalukuyang walang trabaho | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Ipinapakita sa Talahanayan 15 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa kasalukuyang estado ng trabaho. Batay sa datos, 288 (99.36) ang bilang ng mga may kasalukuyang trabaho samantalang 0 (0.00%) ang bilang ng mga kalahok na nagsabing sila ay kasalukuyang walang trabaho.

**Talahanayan 16**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilang pinagtatrabahuhang institusyon/industriya

| Institusyon /Industriya | Frequency(f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Institusyong Pang-akademya | 121 | 42.01 |
| Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining | 73 | 25.35 |
| Industriya ng BPO | 63 | 21.88 |
| Social Work na Institusyon | 31 | 10.76 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Tinatalakay sa Talahanayan 16 and distribusyon ng mga kalahok batay sa uri ng industriya/institusyon ang kanilang pinagtatrabahuhan. Pinapakita ng datos na pinakamalaking bahagdan ng mgakalahok ay nasa institusyon pang-edukasyon na may bilang na 121 (42.01%), sinusundan naman ng mga nasa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining na may bilang na 73 (25.35%), habang ang mga nagtatrabaho sa Industriya ng BPO ay may bilang na 63 (21.88%), at ang mga nagtatrabaho naman sa *Social Work* na institusyon ay may bilang na 31 (10.76%). Kung iuunay ang mga datos na ito sa nakahaing target na mga hanapbuhay ng programang ABF ayon sa opisyal na website ng PUP, maaaring maiugnay ang pagiging matagumpay ng programa sa paghubog ng kanilang mag-aaral batay sa inihahaing target na hanapbuhay, ito ang mga sumusunod:

- ***Proofreader*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya, Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining, at Social Work na Institusyon);
- ***Tutor*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya);
- ***Tagapagkwento*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining,);
- ***Tagatipa (Encoder)*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya, Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining, Industriya ng BPO, at Social Work na Institusyon);
- ***Ahente ng Call Center*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Industriya ng BPO at Social Work na Institusyon);
- ***Kawani ng Kompanya sa Publikasyon*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya, at Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

- ***Tagasalin*** (Filipino sa Ingles/Ingles sa Filipino) (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya, Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining, Industriya ng BPO, at Social Work na Institusyon);
- ***Manunulat ng balita at lathain*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Tagapanaliksik*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya, Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining, Industriya ng BPO, at Social Work na Institusyon); Copywriter(isang trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Manunulat ng ulat, talumpati, balita at lathalain*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Konsultant sa mga kompanya ng publikasyon*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Manunulat ng iskrip sa telebisyon at radyo*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Tagasuring pampanitikan*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining);
- ***Dalubguro sa Kolehiyo*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pang-akademya); at
- ***Tagapangasiwa/Tagapamahala ng kompanya ng publikasyon*** (trabahong makikita o may kaugnayan sa Institusyong Pangwika, Pangkultura at Pansining).

**Talahanayan 17**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilang Ranggo o posisyon sa unang pinasukang trabaho

| Ranggo o posisyon sa unang trabaho | Frequency(f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Rank or Clerical | 129 | 44.79 |
| Professional, Technical, Supervisory/ Managerial or Executive | 159 | 55.21 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Nakalahad sa Talahanayan 17 ang distribusyon ng mga kalahok batay sa kanilang ranggo o posisyon sa kanilang unang trabaho. Mas marami ang bilang na nagsasabing sila ay may posisyon sa trabaho na *Professional, Technical* o

*Supervisory/Managerial*/Executive na may bilang 159 (55.21%). Ang may mga posisyon sa trabaho naman na *Rank* o *Clerical* ay may bilang na 129 (44.79%). Ang mataas na bilang sa posisyong pang *Professional, Technical* o *Supervisory/ Managerial*/Executive ay nagpapakita na tumutugon ang programang ABF sa isa sa misyon ng PUP na makapaghain ng programang pang-akademiko na tutugon sa kinakailangan ng industriya na magluluwal ng mga propesyunal na may kahusayan sa pangangasiwa at teknikal na kasanayan.

**Talahanayan 18**
*Frequency and percentage distribution* ng mga kalahok
batay sa kanilang estado sa trabaho

| Estado | Frequency(f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Regular/Permanente | 166 | 57.63 |
| Temporary | 95 | 32.99 |
| Kontraktwal | 27 | 9.38 |
| **Kabuuan** | **288** | **100** |

Tinatalakay sa Talahanayan 18 ang estado sa trabaho ng mga kalahok. Batay sa datos, pinapakita na mataas ang bilang ng mga kalahok na regular o permanente na ang estado sa kanilang trabaho na may bilang na 166 (57.63%), habang 95 (32.99%) ng mga kalahok naman ang Temporary ang estado ng trabaho; at 27 (9.38 %) naman ang bilang ng mga kalahok na kontraktwal ang estado ng trabaho. Ang pagiging regular at temporary na estado sa trabaho ay matuturing na isang promosyon, sa pagpapakita ng datos ng kataasan ng bilang ng mga regular (60.9%) at temporary (30.4%) ay nagsisilbing indikasyon na kinikilala ang angking kakayahang propesyonal, teknikal at kakayahang makapagpangasiwa ng mga nagsipagtapos ng programang ABF (Tignan ang pagsasakonteksto sa Talahanayan 17). Sinasabi nga sa pag-aaral nina Rodriguez et al. (2023) ang layunin ng promosyon ay pagkilala sa angking kakayahan at komitment ng mga empleyado.

**Talahanayan 19**
*Frequency and percentage distribution* ng tugon ng mga kalahok
batay sa kaugnayan ng kurikulum sa kolehiyo sa kasalukuyang trabaho

| Kaugnayan ng Kurikulum sa Kolehiyo sa Kasalukuyang Trabaho | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Mayroon | 234 | 81.25% |
| Wala | 54 | 18.75% |
| **Kabuuan** | **288** | **100%** |


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Ang Talahanayan 19 ay nagpapakita ng tugon ng mga kalahok ukol sa kaugnayan ng kanilang kinuhang kurikulum sa kasalukuyang trabaho. Tumugon ang 234 (81.25%) ng mga kalahok na mayroong kaugnayan ang kurikulum sa ilalim ng programang AB Filipinolohiya sa kasalukuyang trabahong pinapasukan, habang 54 (18.75%) ng mga kalahok ay tumugon na walang kaugnayan ang kanilang kurikulum sa kasalukuyang trabahong pinapasukan. Nangangahulugan na malaking bahagdan ng mga tumugon ang nagpapakita na ang kurikulum ng programa ay naaayon sa kasalukuyang kahingian ng mga industriya, ahensya, at mga institusyon ngunit kinakailangan isaalang-alang palagi ang ideya ng pagpapaunlad nito upang patuloy na maging lapat sa pangangailangan ng mga mag-aaral ng programa.

**Talahanayan 20**
*Frequency and percentage distribution* ng tugon ng mga kalahok tungkol kapakinabangan sa trabaho ng kasanayang natutuhan sa progarama sa kolehiyo

| Kapakinabangan sa Trabaho ng Kasanayang Natutuhan sa Progarama sa Kolehiyo | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Kasanayan sa Komunikasyon | 246 | 100% |
| Kasanayan sa Wika at Lingguwistika | 240 | 97.56% |
| Kasanayan sa Pagsasalin | 200 | 81.30% |
| Kasanayan sa Pagsusuri ng Panitikan | 221 | 89.84% |
| Kasanayan sa Pananaliksik | 237 | 96.34% |
| Kasanayan sa Pamamahayag | 213 | 86.59% |
| Kasanayan sa Pagsusulat ng Iskrip Panradyo at Pantelebisyon | 205 | 83.33% |
| Kasanayan sa Pagsasagawa ng Gawaing Pangkomunidad | 210 | 85.37% |
| Kasanayan sa Banyaga at Rehiyonal na Wika | 102 | 41.46% |
| **Kabuuan** | - | - |

**Maraming tugon*

Ang Talahanayan 20 ay nagpapakita ng tugon ng mga kalahok tungkol kapakinabangan sa trabaho ng kasanayang natutuhan sa programa sa kolehiyo. Mula sa tumugon na 246 kalahok ukol sa kaugnayan ng kanilang kinuhang kurikulum sa kasalukuyang trabaho, natukoy din ng mga kalahok ang mga kasanayang pinakikinabnag sa kanilang mga trabaho. May 246 (100 %) na tumugon ng kasanayan sa komunikasyon, 240 (97.56 %) na tumugon ng kasanayan sa wika at lingguwistika, 200 (81.30 %)na tumugon ng kasanayan sa pagsasalin, 221 (89.84 %) na tumugon ng kasanayan sa pagsusuri ng panitikan, 237 (96.34 %) na tumugon ng kasanayan sa pananaliksik, 213 (86.59 %) na tumugon ng kasanayan

sa pamamahayag, 205 (83.33 %) na tumugon ng kasanayan sa pagsusulat ng iskrip panradyo at pantelebisyon, 210 (85.37 %) na tumugon ng kasanayan sa pagsasagawa ng gawaing pangkomunidad, at 102 (41.46 %) na tumugon ng kasanayan sa banyaga at rehiyonal na wika. Patunay ang mga kasanayan na ito na natutugunan ng programang AB Filipinolohiya ang kahingian ng mga industriya, ahensya, at mga institusyon.

Para sa katanungang kung ang deskripsyon ng programa ay tuwirang nakatutugon sa mga inilatag na misyon, bisyon at tunguhin ng kolehiyo at ng unibersidad sa kabuuan, 59% o 184 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 35% o 109 na kalahok ang sang-ayon, at 6% o 19 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon sa kabuuan ng 312 na alumni ng programang AB Filipinolohiya. 52% o 162 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 40% o 125 na kalahok ang sang-ayon, 5% o 16 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, at 3% o 9 na kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang deskripsyon ng programa ay tuwirang nakatutugon sa mga pangangailangan ng iba't ibang sektor at ahensyang panlipunan na maaaring puntahan ng mga nagtapos ng programang AB Filipinolohiya. 46% o 143 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 39% o 122 na sang-ayon, 13% o 41 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, at 2% o 6 ang hindi sumasang-ayon na deskripsyon ng programa ay tuwirang nakatutugon sa mga pangangailangan at/o kahingian ng internasyonalisasyon at globalisadong programa. 54% o 169 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 37% o 115 na kalahok ang sang-ayon, 7% o 22 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, 2% o 6 na kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang deskripsyon ng programa ay nangangailangang magkaroon ng rebisyon at pagpapaunlad upang makatugon sa kahingian ng panahon. 54% o 168 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 40% o 125 na kalahok ang sang-ayon, 6% o 19 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon na ang mga kursong (asignaturang) pangwika ng programang AB Filipinolohiya ay umaangkop sa pangangailangan ng iba't ibang industriya batay sa mga nilalaman at gawaing pampagkatuto. Limampu't isang porsiyento (51%) o 159 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 40% o 125 na kalahok ang sang-ayon, 8% o 25 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, 1% o 3 na kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang mga kursong (asignaturang) pampanitikan/ malikhaing pagsulat ng programang ABF ay umaangkop sa pangangailangan ng iba't ibang industriya batay sa mga nilalaman at gawaing pampagkatuto. Limampu't siyam na porsiyento (59%) o 185 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 37% o 115 na kalahok ang sang-ayon, habang 4% o 12 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon na ang mga kurso (asignatura) sa pagsasalin ng programang ABF ay umaangkop sa pangangailangan ng iba't ibang industriya batay sa mga nilalaman at gawaing pampagkatuto. Apatnapu't anima na porsiyento (46%) o 144 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 39% o 122

na kalahok ang sang-yon, 14% o 44 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, at 1% o 2 kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang mga kursong (asignaturang) nakatuon sa kultura ng programang ABF ay umaangkop sa pangangailangan ng iba't ibang industriya batay sa mga nilalaman at gawaing pampagkatuto.

Kinikilala ng mga alumni ng programang AB Filipinolohiya ang malaking ambag ng mga asignatura sa kanilang natapos na programa upang mapaunlad ang kanilang kasanayan at maging handa sa kanilang tatahaking propesiyon. Makikita sa pag-aaral na ito ang ilang mga obserbasyon at pagninilay ng mga alumni sa mga asignatura o kursong naging tampok sa kanilang trabaho sa kasalukuyan at mga asignatura o kursong hinihikayat nila na mapaunlad o mabigyang diin sa mga susunod na pagsasaayos ng kurikulum.

**Talahanayan 21**
Mga asignaturang pangunahing ginagamit ng mga kalahok sa kanilang kasalukuyang propesyon at/o institusyong kinabibilangan

| Asignatura | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Wika, Lipunan, at Kultura | 179 | 57% |
| Diskurso | 44 | 14% |
| Berbal at Di-Berbal na Komunikasyon | 25 | 8% |
| Kritikal na Pagbasal at Pagsulat sa Disiplina | 25 | 8% |
| Ponolohiya at Morpolohiya ng Wikang Filipino | 12 | 4% |
| Leksikograpiya | 9 | 3% |
| Sintaks at Semantika ng Wikang Filipino | 6 | 2% |
| Tawid-bansang pag-aaral ng Filipino | 6 | 2% |
| Historikal na Pag-unlad sa Pag-aaral ng Wikang Filipino | 3 | 1% |
| Kalakaran at Tunguhin sa Pag-aaral ng Wika | 3 | 1% |

Sa mga asignaturang may kaugnayan sa Panitikan at Malikhaing pagsulat, 61% o 191 na kalahok ang nagsasabing pangunahing nagagamit nila sa kanilang kasakuluyang propesyon at/o institusyon ang asignaturang Pamamahayag sa Filipinolohiya, sinundan ito ng Panulaang Filipino na mayroong 18% o 56 na kalahok, Prosang Filipino na 12% o 37 na kalahok, at Dulang Filipino 9% o 28 na kalahok. Samantala, sa mga asignaturang nakatala na kaugnay sa gawaing pagsasalin, 61% o 191 na kalahok ang nagsasabing pangunahing nagagamit nila sa kanilang kasalukuyang propesyon at/o institusyon ang asignaturang Pagsasaling Teknikal, sinundan ito ng Pagsasaling Pampanitikan na mayroong 23% o 100 na kalahok, at Pagsasaling Pangmidya na 16% o 21 na kalahok ng nasabing programa.

Sa pagtataya ng pagkamit ng programang AB Filipinolohiya sa mga gawain at layuning pampagkatuto at pagsasapraktika ng teorya at praktika, 53% o 165 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 41% o 128 na kalahok ang sang-ayon, 5% o 16 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, at 1% o 3 kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang kurso (asignatura) ng programang ABF ay kinapalolooban ng kinakailangan kasanayan (competency) ay natutugunan ang mga layuning pampagkatuto. Tatlumpu't isang porsiyento (31%) o 97 na kalahok ang sang-ayon, 25% o 78 ang di-gaanong sumasang-ayon, 23% o 72 ang lubos na sumasang-ayon, at 21% o 65 na alumni ang hindi sumasang-ayon na ang ilan sa mga kurso (asignatura) ng programang ABF ay naglalaman ng mga gawaing pampagkatuto na hindi halos tumutugon sa kabuuang layunin ng programa at pangangailangan ng mga mag-aaral. Apatanapu't anim na porsiyento (46%) o 144 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 45% o 140 ang sang-ayon na kalahok, 7% o 22 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon at samantalang 2% o 6 na kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang ilan sa mga kurso (asignatura) ng programang ABF ay nangangailangang palakasin o may ilang mga paksa na kailangan idagdag upang tumugon sa kabuuang layunin ng programa at pangangailangan ng mga mag-aaral. Animnapu't pitong porsiyento (47%) o 147 na kalahok ang lubos na sumasang-ayon, 39% o 122 na kalahok ang sang-ayon, 11% o 34 na kalahok ang di-gaanong sumasang-ayon, at 3% o 9 na kalahok ang hindi sumasang-ayon na ang mga kurso (asignatura) ng programang ABF ay nakapagpapakita ng balanse sa pagitan ng teorya ( hal. klasrum) at pratika (hal. lab/fieldwork)

**Talahanayan 22**

Mga larang na pokus ng programang AB Filipinolohiya na minumungkahi na nangangailangan ng pag-unlad o palitan

| Asignatura | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Pagsasalin | 87 | 27.88% |
| Wika | 69 | 22.11% |
| Wala | 63 | 19.23% |
| Malikhaing Pagsulat | 47 | 15.0% |
| Panitikan | 31 | 9.93% |
| Barayti at Baryasyon ng Wika | 3 | 0.96% |
| Sayaw at Musika | 3 | 0.96% |
| Poklor | 3 | 0.96% |
| Filipinolohiya sa Larangan ng Pagtuturo | 3 | 0.96% |
| Antropolohiyang Pilipino | 3 | 0.96% |


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

**Talahanayan 23**
Mga larang na pokus ng programang AB Filipinolohiya na minumungkahing maaaring panatilihin gayunman ay kailangan pa ring paunlarin ang nilalaman

| Asignatura | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Pagsasalin | 75 | 24.03% |
| Wika | 72 | 23.07% |
| Panitikan | 53 | 16.98 % |
| Malikhaing Pagsulat | 47 | 15.06% |
| Lahat | 34 | 10.89% |
| Wala | 22 | 7.05% |
| Pamamahayag | 6 | 1.92% |
| Leksikograpiya | 3 | 0.96% |

Naniniwala ang mga kalahok na bagamat epektibo ang kurikulum ng programang AB Filipinolohiya ay nangangailangan pa rin ito ng pag-unlad, rebisyon , at pagpapahusay upang makaagapay sa modernisasyon at kahingian ng mga nasabing sektor at industriya. Naniniwala ang mga kalahok na dapat palitan o paunlarin ang mga asignatura sa Pagsasalin na mayroong 87 (27.88%) na kalahok, sinundan ng Wika 69 (22.11%) na kalahok, 63 (19.23%) na kalahok naman ang nagsasabi na walang dapat palitan o paunlarin sa mga asignatura sa nasabing programa, 47 (15%) naman na kalahok para sa Malikhaing Pagsulat, 31 (9.93%) naman ang nagsabi na Panitikan, at tig-tatlo (0.96%) naman para sa mga asignaturang Barayti at Baryasyon ng Wika, Sayaw at Musika, Poklor, Filipinolohiya sa Larang ng Pagtuturo, at Antropolohiyang Pilipino. Lumalabas din sa datos na minumungkahi ng mga kalahok na maaaring panatilihin ngunit kailangan paunlarin ang nilalaman ng mga asignatura sa Pagsasalin na mayroong 75 (24.03%) na kalahok, Wika na mayroong 72 (23.07%) na kalahok, Panitikan na mayroong 53 (16.98%), Malikhaing Pagsulat na mayroong 47 (15.06%), 34 (10.89%) na kalahok ang nagsasabi na ang lahat ng asignatura ay nararapat na paunlarin ang nilalaman, 22 (7.05%) naman ang nagsasabi na walang asignatura ang nararapat na paunlarin ang nilalaman, 6 (1.92%) na kalahok naman ang nagsasabi na ang asignaturang Pamamahayag, at 3 (0.96%) naman ang nagsasabi na Leksikograpiya.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ipinapakita ng inilatag at sinuring datos na ang programang ABF ay nagluluwal ng mga propesyonal na kinikilala ng mga industriya/institusyon ang angking kahusayang pangpamamahala at kasanayang teknikal. Nagsisilbing

patunay din ang mga sinuring datos na ang programang ABF ay naisasakatuparan ang layunin nitong makahubog ng mga mag-aaral na may kakayahang tumugon sa pangangailangan ng mga intitusyong pang-akademiya, institusyong pangwika, pangkultura at pangsining, industriya ng BPO, at Social Work na institusyon (na siyang mga industriya/institusyong sumasaklaw sa *target* na hanapbuhay na maaaring pasukan ng mga nagsipagtapos ng programang ABF)

Inirerekomenda na manatili lang ang kultura ng pananaliksik sa nagbabago't umuunlad na kalagayan ng mga intitusyong pang-akademiya, institusyong pangwika, pangkultura at pangsining, industriya ng BPO, Social Work na institusyon at iba pang mga katulad/kaugnay na institusyon at industriya; at ipagpatuloy na gawing basehan ang mga pag-aaral na ito upang paunlarin pang lalo ang kurikulum ng ABF na maghahatid ng sustinableng pagluwal nito ng mga propesyonal na may kakayahang tumugon sa pangangailangan ng mga nabanggit na mga industriya't institusyon.

Ipinapabuti ang mga suhestiyon ng mga kalahok upang mapabuti ang kurikulum ng kurso, ang ilan sa kanila ay nagbigay ng pagdidiin sa pagpapalakas ng mga gawaing ekstensiyon at pagpapalubog sa mga estudyante sa propesyunal na trabaho. Minungkahi na pataasin ang bilang ng *experiential learning* sa paraan ng immersion, proyekto, fieldwork at  intership sa larang ng midya, pagtuturo, o iba pang sektor. Isa rin sa mungkahi ang pagkakaroon muli ng medyor sa mga mag-aaral upang makatulong sa kanila kung ano ang kanilang tatahaking trabaho sa hinaharap sapagkat nalalawakan sila sa sakop ng kanilang kurso. Dagdag pang mungkahi ang pagtuturo sa paggawa ng mga *educational forms and approach* dahil kalakhan sa mga nagtapos ng kurso ay nagiging mga guro o dalubguro sa mga paaralan at institusyon. Nais din ng mga alumni na magkaroon ng pag-unlad ang kasalukuyang kurikulum sa usapin ng *new media* at *digital media* katulad ng SEO writing at editing.

Kapansin-pansin ang pagkilala ng mga kalahok na ABF sa mga asignaturang kanilang naging gabay sa loob ng programa upang pahusayin ang kanilang kakayahan upang makapaglingkod sa mga sektor at industriya na naghihintay para sa kanila. Mahalagang bigyang diin, pagsusuri, maging pag-aaral ang kanilang mga mungkahing rebisyon at pagpapaunlad sa mga nasabing asignatura tulad na lamang ng Pagsasalin, Wika, Malikhaing Pagsulat, at Panitikan na nangunguna sa kahilingan ng rebisyon at pagpapaunlad.

**MGA SANGGUNIAN**

Rio, M. V. C. (2001). Pagpaplanong pangwika sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas tungo sa Aktibong pagpaplano ng wikang Filipino (Unpublished master's thesis). Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

Badillo-Amador, L. and Vila, L.E. (2013), "Education and skill mismatches: wage and job satisfaction consequences", *International Journal of Manpower*, Vol. 34 No. 5, pp. 416-428. https://doi.org/10.1108/IJM-05-2013-0116

Cardenas, G. (2001). *AB* Filipinolohiya*, Binuksan*. *Dalubwika*, 1(1), 5.

Lesmini, A., & Hassan, S. (2021, August 10). Tracer Study: Building employability for future generations. Australian Council for Educational Research - ACER; ACER News. https://www.acer.org/id/discover/article/tracer-study-building-employability-for-future-generation

Peña, Romeo & Formacion, Ian Jay & Dino, Roan & Buenaventura, Nell. (2022). Tracer Study sa mga Nagsipagtapos ng Master ng Artes sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2017-2020). 11. 1-33.

Rodriguez, J M., Orejola, M., & Palallos, L. (2023) Relationship between Job Attitude and Promotions: Basis for Career Advancement. *International Journal for Novel Research in Economics, Finance and Management.* 1 (1): 11-24. https://www.researchgate.net/publication/377398700_Relationship_between_Job_Attitude_and_Promotions_Basis_for_Career_Advancement

Tutor, Melba V.; Orbeta, Aniceto C.; Miraflor, James Matthew B. (2019) :Philippine graduate tracer study 4, PIDS Discussion Paper Series, No. 2019-26, Philippine Institute for Development Studies (PIDS), Quezon City

United Nations. (2023). Goal 4: Ensure inclusive and equitable quality education and promote lifelong learning opportunities for all — SDG Indicators*.* https://unstats.un.org/sdgs/report/2017/goal-04/

## TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA

Si **Federico B. Rivera Jr.** ay kasalukuyang dalubguro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa ilalim ng Kolehiyo ng Artes at Literatura, Kagawaran ng Filipinolohiya. Nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa PUP Mabini Campus noong 2017 at Master ng Artes sa Filipino sa PUP Graduate School noong 2021. Naging bahagi bilang isa sa mananaliksik ng proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng Komisyon sa Wikang Filipino (2018-2019) at ng COVID-19 documentary heritage project ng NCCA-PUP (2020-2022). Kontribyutor sa librong "Ang Sining at Kamalayang Pilipino na Maka-TAO" (2022) na inilimbag ng PUP Center for Philippine Studies.

Si **Alyssa Manalo Teodoro** ay kasalukuyang dalubguro sa Kagawaran ng Filipinolohiya-Kolehiyo ng Artes at Letra, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino noong 2016 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila at Master ng Artes sa Filipino noong 2019 sa nasabi ring pamantasan. Naging mananaliksik ng pag-aarkibo sa mga sining na nalikha noong pandemiya na Philippine Documentary Heritage. Nakapaglathala na rin siya ng kaniyang pananaliksik sa Social Sciences Review Journal ng PUP at pokus ng kaniyang nalikhang pananaliksik ay panitikan, araling salin, karapatan ng mga kababaihan at kabataan. Kasalukuyan siyang naninirahan sa Kabite kasama ang kaniyang mga anak na sina Crisanto, Alab Mirasol, at Telo Himig.

Si **Sheila Mae Coligado Intoy** ay tubong Kalookan. Nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya at Master ng Artes sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyang kumukuha ng Doctor of Philosophy in Philippine Studies sa University of the Philippines-Diliman. Pokus ng kaniyang mga pananaliksik ay panitikan, katutubong kaalaman, araling filipino at araling kababaihan. Aktibo sa etnolingguwistikong proyektong pananaliksik na pinangunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino. Naging mananaliksik ng pag-aarkibo sa mga sining sa panahon ng pandemic ng National Commission for Culture and the Arts. Nakapagbasa ng papel pananaliksik sa Mindanao State University, Visayas State University, De La Salle University at Pamantasan ng Lungsod ng Marikina. Bukod sa pagtuturo, pinaglilingkuran nya ang pamantasan bilang tagapayo ng Tulos Baybay, ang kultural at etnomusikal na organisasyong pang-mag-aaral ng AB Filipinolohiya, gayundin siya ay katuwang na miyembro sa performance studies ng PUP Heritage Committee.


© 2024 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Si **Roan Jessa Acebuche Dino** ay kasalukuyang nagsisilbi bilang Kawaksing Propesor (Associate Professor) sa ilalim ng Kagawaran ng Filipinolohiya, Kolehiyo ng Artes at Literatura ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Mabini Campus. Kasalukuyang kumukuha ng programang Doctor of Philosophy in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya ay nakapaglathala na ng mga pananaliksik sa Limbagang Pangkasaysayan, NCCA Research Journal, PUP Education Review Journal, at Filipinolohiya Journal. Naging puno at miyembro ng mga research grants mula National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).